## Tala: 1

Pagtanggal sa Ovarian Cyst(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052395

Abstract: Pagtanggal sa cyst sa isang obaryo

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Pagtanggal sa Ovarian Cyst

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

**Kahulugan**
Pagtanggal sa cyst sa isang obaryo

**Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan**

- Obaryo, isa o pareho

**Mga Dahilan para sa Proseso**
Upang tanggalin ang cyst na:

- Pinaghihinalaang cancerous
- Malaki (higit sa 2.5 pulgada sa diyametro)
- Solid
- Nagdudulot ng pananakit
- Baluktot

Ang tsansa na magiging cancer ang isang cyst ay tumataas sa pagtanda. Mas matanda ang pasyente, mas malamang na tatanggalin ang cyst sa obaryo.

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Labis na katabaan
- Di-magamot-gamot o kamakailan lamang na sakit
- Sobrang pag-inom ng alak
- Paninigarilyo
- Paggamit ng narkotiko o iba pang gamot na nakakapinsala sa utak
- Paggamit ng ilang mga nireresetang gamot, kabilang ang pampakalma ng kalamnan at mga sedative, pangontra sa pagtaas ng presyon, insulin , beta-adrenergic blockers, at cortisone
- Pagbubuntis
- Nakaraang operasyon sa tiyan
- Endometriosis

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Pagbabalik-aral sa mga gamot
- Mga pagsusuri sa dugo

- Pagsusuri sa ihi
- CT scan —isang tipo ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng mga pelvic organ
- Ultrasound —isang pagsusuring gumagamit ng mga sound wave upang maeksamen ang tiyan
- X-ray ng dibdib , ibabang bahagi ng intestinal tract, at ibabang bahagi ng tiyan
- Electrocardiogram (ECG, EKG)—isang pagsusuring nagtatala sa pagtibok ng puso sa pamamagitan ng pagsukat sa mga kuryenteng dumadaan sa kalamnan ng puso
- Culdocentesis—pagtanggal ng likido mula sa pelvic cavity para masuri

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa kung anong hakbang ang dapat gawin sa operasyon kung may matagpuang cancer. Ang isang pagpipilian ay ang tanggalin ang obaryo.

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Huwag uminom ng aspirin, mga produktong may lamang aspirin, o mga gamot kontra pamamaga (gaya ng ibuprofen nang isang linggo bago ang proseso.
- Ayusin ang sasakyan patungo at pabalik mula ospital.
- Huwag kumain o uminom bago ang operasyon nang hindi kukulangin sa walong oras.

## Anesthesia

Depende ito sa uri ng proseso. Ginagamit ang general anesthesia para sa open surgery, at ginagamit ang general o local para sa laparoscopic surgery.

## Paglalarawan sa Proseso


Mayroong dalawang paraan ng pagtanggal sa cyst sa obary: laparoscopic surgery at open surgery. Depende ang paraan sa uri at kondisyon ng cyst na tinatanggal. Kadalasang ginagawa ang open surgery para sa mga mas malalaking cyst.

## Laparoscopic Surgery

Ginagawa ang napakaliit na hiwa sa ibaba ng pusod. Sa pamamagitan ng hiwang ito, ipinapasok ng siruhista ang laparoscope, na isang manipis, may ilaw na tubo. Binobombahan ng carbon dioxide and tiyan. Pinapalobo niya ito at pinapadaling makita ng siruhista ang mga organ. Pagkatapos ay gagamitin ang laparoscope upang hanapin ang cyst. Kapag nahanap, gagawin ang isa o dalawa pang mga maliliit na hiwa. Pagkatapos ay ipapasok ang mga kagamitang pang-opera upang tanggalin ang cyst.

Depende sa sitwasyon, maaaring ipadala ng doktor ang mga natanggal na tissue sa laboratoryo. Kung nakitang may cancer, malamang tatanggalin ang obaryo o parehong obaryo (kung ang bukol ay nakita sa parehong obaryo) Depende sa sitwasyon, ang pagtanggal sa obaryo (oophorectomy) ay maaaring gawin sa pamamagitan ng laparoscope o maaaring mangailangan ng classic open incision. Sa oras na ang cyst, obaryo (siguro), at ang mga kagamitan ay natanggal na, isinasara ng tahi o mga pang-ipit ang hiwa.

**Laparoscopic Ovary Removal**



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

## Open Surgery

Ginagawa ang isang hiwa sa tiyan, pinaghihiwalay ang mga kalamnan sa tiyan, at binubuksan ang tiyan. Hinahanap ang mga daluyan ng dugo na nagdadala ng dugo sa mga obaryo, iniipit, at tinatalian. Tinatanggal ang cyst. Depende sa sitwasyon, maaaring ipadala ng doktor ang mga natanggal na tissue sa laboratoryo. Kung nakitang may cancer, malamang tatanggalin ang obaryo o parehong obaryo (kung ang bukol ay nakita sa parehong obaryo) Tinatanggal ang mga kagamitang pang-opera, isinasara ang tiyan, tinatahing muli ng malalaking tahi ang mga kalamnan sa tiyan, at isinasara ang hiwa ng mga tahi o pang-ipit.

## Pagkatapos ng Proseso

Ibibigay ang mga intravenous fluid at mga gamot.

## Gaano Katagal Ito?

1-2 na oras

## Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang sakit habang inooperahan. Gayunpaman, maaaring magkaroon ka ng pananakit ng tiyan o kawalan ng ginhawa nang 3-4 araw pagkatapos ng laparoscopic surgery at nang 7-10 araw pagkatapos ng open surgery.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Impeksiyon
- Labis na pagdurugo
- Pagbabalik ng mga cyst sa obaryo
- Pagbabalik ng cancer

- Pangangailangan sa pagtanggal sa isa o parehong mga obaryo
- Pagkabaog
- Pamumuo ng dugo
- Pangangailangang lumipat sa classic open abdominal incision mula sa plinanong laparoscopic surgery
- Pananakit sa balikat mula sa gas na carbon dioxide na ginamit sa proseso

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

- 0-1 araw para sa laparoscopic surgery
- 5-7 araw para sa open surgery

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Igalaw at itaas ang iyong mga binti habang nagpapahinga sa kama. Babawasan nito ang tsansa ng mga pamumuo ng dugo .
- Huwag iinumin ang niresetang gamot sa pananakit nang higit sa pitong araw.
- Pagkalipas ng pitong araw, uminom ng hindi nireresetang gamot sa pananakit gaya ng Advil at Naprosyn .
- Iwasan ang nakakapagod na ehersisyo nang dalawang linggo pagkatapos ng laparoscopic surgery, at anim na linggo pagkatapos ng open surgery.
- Huwag bumalik sa pakikipagtalik, gumamit ng tampons, o douche hanggang sasabihin ng iyong doktor na maaari na (kadalasan pagkatapos ng kasunod na pagsusuri dalawang linggo pagkatapos ng operasyon).
- Maligo o mag-shower na tulad ng dati.
- Hugasan nang dahan-dahan ang bahagi ng sugat sa pamamagitan ng banayad na sabon hanggang sa ito ay ganap na gumaling.
- Upang pabilisin ang paggaling, bumalik sa normal na mga gawain (kabilang ang trabaho) agad pagkatapos ng operasyon kapag nakakaya mo na.
- Kung natuklasang mayroon kang ilang mga uri ng cyst na kilalang bumabalik, sundin ang mga patnubay ng iyong doktor para sa kasunod na mga ultrasound exam.

**Resulta**
Kung walang makitang cancer, lubusan kang gagaling at makababalik sa lahat ng normal na mga gawain. Maaaring magtagal nang 1-2 linggo ang paggaling mula sa laparoscopic surgery. Maaaring magtagal nang 3-4 linggo pagkatapos ng open surgery.

Kung may makitang cancer, maaaring tatanggalin ang isa o dawalang obaryo, habang ginagawa ang operasyon sa cyst sa obaryo, o sa kasunod na operasyon. Tatalakayin sa iyo ng iyong doktor ang iyong kondisyon at mga pagpipiliang paggamot. Maaaring kabilang sa iba pang paggamot ang karagdagang operasyon, chemotherapy , at/o radiation therapy .

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, pagtindi ng sakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Ubo , kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o labis na pagduduwal o pagsusuka
- Ang mga pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkahilo, lagnat, o pangkalahatang pagkaramdam ng sakit
- Pagtitibi o pamamaga ng tiyan
- Pagsusuka
- Bago, hindi maipaliwanag na mga sintomas

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052395